ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 13
Hulyo 7, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Sunggaban ang krisis pampulitika sa ilalim ng rehimeng US-Marcos

Mabilis na tumitindi ang hidwaan at tunggalian sa pagitan ng magkakaribal na pangkatin ng naghaharing uri sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Lalong natambad sa mata ng mamamayan ang labis na kabulukan ng naghaharing sistemang pampulitika na kinatatampukan ng girian, bangayan at pag-aagawan sa poder ng mga reaksyunaryong partidong kumakatawan sa interes ng iilang tiwali at pasistang pulitiko na pawang tuta ng mga imperyalistang dayuhan.

Hayagan nang nagbabangayan at nagbabanggaan ang kapwa sugapa-sa-kapangyarihan, gahaman at pasistang pangkating Marcos at Duterte. Madaling nalusaw ang kanilang oportunistang "uni-team." Taliwas sa pangakong akomudasyon, kaagad nagmaniobrahan at nagsikuhan ang magkaribal na pangkat sa layong palawakin ang kani-kanilang impluwensya at kontrol sa kapangyarihan at dambong na yaman, at ietsapwera ang kanilang karibal.

Sa isang panig, halos pagkaupo pa lamang bilang bise-presidente at matapos pagkaitan ng pagkakalihim sa Department of Defense, kaagad ginapang ni Sara Duterte ang mga heneral ng militar at pulis upang igiit ang kanyang impluwensya. Sa kabilang panig, sinarili ng pangkating Marcos ang mga susing pusisyon sa burukrasya, militar at kongreso. Ang mga kontrata ng gubyerno na hawak ni Duterte, laluna ang malalaking imprastrukturang pinondohan ng China, ay ibinasura ni Marcos, pabor sa kanyang mga kroni, at pabor sa mga pautang at pamumuhunan ng Japan at US.




Lalong lumala ang hidwaan ng magkaribal na pangkatin nang tahasang nanawagan ang kampong Duterte ng pag-aaklas sa loob ng militar at pulis, pagpapakalat ng bantang asasinasyon, at pagsakay nito sa malawakang pagtutol ng mamamayang Pilipino sa tangka ng kampong Marcos na ilusot ang iskemang "chacha" (*charter change* o pagbabago sa konstitusyon). Upang sawatain ang kanyang karibal, ginagamit ni Marcos ang bantang payagan ang International Criminal Court na kunin at litisin si Duterte at kanyang mga kasapakat, at ang pagpapaaresto sa kanyang tau-tauhang si Apollo Quiboloy. Suot ni Marcos ang huwad na maskara ng "Bagong Pilipinas" at pagtataguyod sa "pagkakaisa." Ang totoo, naghahanda ngayon si Marcos na humantong sa madugong salpukan ang hidwaang ito.

Pinormal lamang ng pagbitiw ni Sara Duterte sa gabinete ang ganap na pagkabiyak ng dating bumubuo ng "uni-team," na sila ngayong pangunahing nagriribalang paksyon ng naghaharing uri. Lubos ngayong dinodominahan ng pangkating Marcos ang pulitika ng naghaharing sistema, kontrol sa burukrasya, kongreso at mga korte, at mga armadong gala-

may nito. Labis nang naagnas ang lakas at impluwensya ng ibang mas maliliit na pangkatin at partido ng naghaharing uri, na marami ay nagpailalim o nakikipagtulungan na kay Marcos. Matapos hagisan ng kaunting mumo, tila nakaligtaan na nila ang malawak na pandaraya at paghahasik ng karahasan ng mga Marcos (kasabwat ang mga Duterte) para muling angkinin ang Malacañang.

Inilalantad ng bangayan at girian sa poder ng mga nagriribalang pangkatin ng naghaharing uri ang labis na bulok na reaksyunaryong sistema sa bansa. Na ang dalawang pangunahing pangkatin ay binubuo ng mga dinastiyang pinakamasahol sa korapsyon, pasismo, pagpapahirap sa masa at pagtatraydor sa bayan, ay malinaw na nagpapakita na ang hidwaang ito ay magsisilbi lamang sa kani-kanyang interes na magkamal ng yaman at kapangyarihan, at magdadala ng higit na pagdurusa sa malawak na masa ng sambayanan. Bahaging sinasalamin din ng sigalot na ito ang hidwaan ng dalawang imperyalistang kapangyarihan—ang US at China, partikular na ang pagtatangka ng China na magpalakas ng impluwensya sa bansa, at hamunin ang dominasyon at kontrol ng US.

Ang mabilis na paglala ng hidwaan sa pagitan ng mga Marcos at Duterte, ay tanda ng lalim at sidhi ng krisis sa ekonomya ng naghaharing sistema, na tuwirang nakakawing sa hindi malutas na istagnasyon ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Dahil sa krisis, paliit nang paliit ang yaman, kapangyarihan at pribilehiyo na pwedeng mapaghati-hatian ng iba't ibang pangkatin ng naghaharing uri. Ang mga dinastiyang ito'y pawang gutom at hayok, at hindi pinalalampas ang anumang saglit na ibulsa at angkinin ang lahat ng pwede nilang sakmalin habang sila ang nasa kapangyarihan.

Tiyak na lalong magiging maapoy at madugo ang salpukan ng mga magkakaribal na ito sa darating na reaksyunaryong halalan sa Senado, Kongreso at mga lokal na gubyerno sa darating na 2025. Ngayon pa lamang, ginagamit na ni Marcos ang pondo ng gubyerno para umikot sa buong bansa at bilhin ang katapatan ng mga lokal na upisyal sa tabing ng pamimigay ng ayuda at iba't ibang programa. Ginagamit din ni Marcos ang mga armadong galamay ng estado para supilin ang mamamayang lumalaban at sinumang humahamon sa kanyang paghahari.

Ang krisis ng naghaharing sistema sa ilalim ng rehimeng US-Marcos ay nagbubukas ng pagkakataon para sa pambansa-demokratikong kilusan na ilantad ang bulok na pampulitikang sistema. Nagbubukas rin ito ng pagkakataon para hamunin ng hayag na kilusang masa ang reaksyunaryong halalan, itaguyod ang mga lider ng iba't ibang demokratikong sektor na kumakatawan sa pulitikang pambayan, ilantad at ihiwalay ang elitista at reaksyunaryong pulitika, at ilaban na maiupo sa Mababang Kapulungan at Senado ang mga kinatawang magtataguyod ng pambansa at demokratikong adhikain ng bayan.

Ang paghamong ito ay tiyak na magkakamit ng malalaking tagumpay sa pamamagitan ng pagkakawing nito sa malawakang pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Sa mga darating na buwan, dapat ubos kayang isulong ang mga pakikibakang masa laban sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin, malawakang pangangamkam ng lupa at kabuhayan, pasistang panunupil sa kanayunan at kalunsuran, malawakang pagwasak sa kapaligiran, kawalan ng hanapbuhay laluna sa malawak na hanay ng kabataan, mababang sahod at sweldo, gayundin, kontra sa ginagawang pagpapakaladkad ng Pilipinas sa inter-imperyalistang sigalot na inuudyukan ng US.

Ang sagad-sa-butong kabulukan ng reaksyunaryong pulitika sa ilalim ng pahirap, pasista at papet na rehimeng Marcos ay nagbubukas ng mainam na pagkakataon para pukawin, organisahin at pakilusin ang sambayanang Pilipino sa pangangailangang bagtasin ang landas ng pambansang demokrasya. Ibayong umiinam ang sitwasyon upang ilinaw sa sambayanang Pilipino na ang dinaranas nilang pagdurusa, kaapihan, hirap at gutom ay malulutas lamang kung wawakasan ang naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan para kamtin ang pambansa at panlipunang paglaya. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 13 | Hulyo 7, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Sunggaban ang krisis pampulitika sa ilalim ng rehimeng US-Marcos 1
Tropa ng 87th IB, hinaras ng BHB 3
Marcos, pahirap at papet sa nagdaang 2 taon 3
Mga protesta 3
2 taong pagsasamantala at pambubusabos 4
Tuta ng Kano 5
3 sibilyan, pinaslang ng AFP sa Bicol 6
Parangal sa martir ng Pantabangan at Tuy 6
Pagkilos laban sa Operation Kagaar sa India 6
Sa madaling salita 7
Teroristang operasyon ng AFP sa CL 8
Kambal na kapahamakan sa Laguna de Bay 9
Gera ng US sa Middle East, lumalawak 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

## Pasistang sundalo ng 87th IB, patay sa haras ng BHB

NAGLUNSAD NG OPERASYONG haras ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) laban sa mga pasistang sundalo ng 87th IB sa Barangay Nagbac, Jiabong, Samar noong Hunyo 23. Isang sundalo ang napaslang sa pag-atake.

Naghahasik ng takot at lagim sa komunidad ang yunit ng 87th IB sa tabing ng Retooled Community Support Program. Sa ulat ng mga residente, nakakampo sila sa tabi ng mga bahayan mula pa Enero para sa pagbibigay ng palabas na mga "serbisyong panlipunan."

Samantala, nagsama-sama ang mga residente ng Sityo San Pedro, Barangay 3, San Jose de Buan, Samar sa isang asembliya noong huling linggo ng Hunyo para ipahayag ang kanilang pagtutol sa pagkakampo ng isang yunit ng 87th IB sa kanilang sityo. Nagsimula ang pagbabakod ng mga sundalo sa naturang sityo noong unang linggo ng Hunyo para sa planong detatsment na itatayo sa lugar.

Para supilin ang pagkakaisa ng taumbaryo, pinagbantaan ng mga sundalo ang kapitan ng barangay, ang sityo lider at konsehal. Tinakot silang papanagutin at ikukulong kapag inatake silang muli ng BHB sa lugar.

Wala pa man ang detatsment, militarisado na ang San Pedro simula pa Enero. Naitala dito ang patung-patong na mga paglabag sa karapatang-tao.

## Marcos, pahirap at papet sa nagdaang 2 taon

DAAN-DAANG MAMAMAYAN, pangunahin mga magbubukid at mangingisda, mula sa Metro Manila, Southern Tagalog at Central Luzon ang nagmartsa noong Hulyo 1 patungo sa Mendiola para kundenahin ang rehimeng Marcos sa mga pahirap at anti-mamamayang patakaran nito sa nagdaang dalawang taon. Siningil nila ang rehimen sa lumulubhang krisis sa ekonomya na dinaranas ng mamamayang Pilipino. Para sa mga magsasaka, pangunahing kinaharap nila sa nagdaang dalawang taon ang pag-igting ng krisis sa bigas, mataas na presyo ng pagkain at, higit pang lumulubhang kalagayan ng sektor ng agrikultura.

Nagkaroon ng katulad na mga pagkilos at protestang bukid ang mga magsasaka at grupo sa Ilocos, Southern Tagalog, Bicol, Central Visayas, Panay at Negros.

**Hindi kaibigan ng mga Pilipino ang imperyalistang US.** Nagprotesta ang mga kabataang Pilipino sa pangunguna ng Youth for Justice and Peace noong Hulyo 4, "Filipino-American Friendship Day," malapit sa embahada ng US sa Maynila. Kinundena nila ang gerang agresyon ng US sa Asia-Pacific at ang patuloy na pagkubabaw nito sa Pilipinas.

**RIMPAC, salot sa mamamayan.** Mahigit 600 aktibista mula sa International Cancel RIMPAC Campaign ang nagmartsa sa San Diego, California sa US noong Hunyo 30 para ipanawagan ang pagkansela sa Rim of Pacific *war games* na nagaganap sa Hawai'i at mga karagatan nito mula Hunyo 27 hanggang Agosto 2. Isang araw bago nito, inilunsad nila ang Cancel Rimpac 2024 Summit.

**Banta ng welga sa Nexperia.** Nagsampa ng Notice of Strike (NOS) ang mga manggagawa sa ilalim ng Nexperia Philippines Inc. Workers Union noong Hunyo 26 sa National Conciliation and Mediation Board Region IV-A sa Calamba, Laguna. Kasabay nito, nagsawaga ng rali ang mga manggagawa. Nagdesisyon ang unyon na maghain ng NOS dahil sa hindi makataong mga kundisyon sa paggawa at paglabag ng maneydsment sa *collective bargaining agreement*.

**Pamumudmod ni Marcos Jr ng ayuda sa Negros, kinutya.** Sinalubong ng protesta ng mga progresibong grupo ang pagbisita ni Ferdinand Marcos Jr at kanyang asawa na si Liza Araneta Marcos sa Bacolod City noong Hunyo 26. Nakatakda noon si Marcos na mamudmod ng ₱10,000 sa higit 8,000 magsasakang apektado ng El Niño sa Negros Occidental. Tinawag ng mga raliyista na "band-aid" sa mga problema sa Negros ang kakarampot na ayuda at ang pamamahagi nito bilang "pogi points" ng mga Marcos.

**Ika-4 na taon ng Anti-Terrorism Act.** Nagtungo sa Department of Justice ang Bayan noong Hulyo 3 para igiit ang pagbasura sa lahat ng mga batas kaugnay sa terorismo at pagpopondo ng terorismo na isinampa ng kagawaran laban sa mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang-tao gamit ang mga ito. Itinaon ang pagkilos sa ika-4 na anibersaryo ng mapanupil na ATA.

**Ika-30 anibersaryo ng Stonewall Manila.** Ginunita ng grupong Bahaghari noong Hunyo 26 ang ika-30 anibersaryo ng Stonewall Manila, ang kauna-unahang martsa na pinangunahan ng mga bakla at lesbyana sa Pilipinas at sa buong Asia. Hango ang okasyon sa Stonewall Riots na naganap sa New York noong 1969 na itinuturing na susing pangyayari sa pagbwelo ng kilusan para sa mga karapatan ng mga nasa komunidad ng LGBT. Iba't ibang aktibidad rin ang inilusad ng mga grupong LGBT noong huling linggo ng Hunyo bilang pagdiriwang sa buwan ng Pride at pagtatanggol laban sa diskriminasyon sa sektor.


# Dalawang taong pagsasamantala at pambubusabos

Sa dalawang taon ni Ferdinand Marcos Jr sa poder, walang awat ang kanyang pagmamaniobra para kopohin ang pondo ng bayan, palawigin ang paghahari ng kanyang pangkatin at pahirapan ang sambayanan sa mga neoliberal na patakaran.

Sa gitna ng kaliwa't kanang batikos, isinabatas ni Marcos ang pagbubuo ng Maharlika Investment Fund (MIF) noong Hulyo 2023. Binigyan nito ng kontrol si Marcos sa hanggang ₱500 bilyong pondong hawak ng mga bangko ng estado. Taliwas sa unang mga pangako, tinatauhan ngayon ang Maharlika Investment Corporation, ang entidad na namamahala sa MIF, ng pinili ni Marcos na mga teknokrata at tauhan ng malalaking burgesya at dayuhang institusyon.

Binigyan ni Marcos ang kanyang sarili ng ₱4.56 bilyong *confidential* at *intelligence funds* (CIF) para sa 2024. Higit pa rito, ipinailalim niya sa kanyang kontrol ang ₱449.5 bilyon na "unprogrammed funds" para diumano sa mga programang ayuda ng kanyang upisina. Wala itong pinag-iba sa "pork barrel" na idineklarang labag sa konstitusyon ng Korte Suprema noong 2013.

Noong Enero 2 024, tinangka ni Marcos na ilusot ang *charter change* para sa deklaradong intensyong ibukas ang ekonomya sa dayuhang pamumuhunan at para sa patagong layuning palawigin ang panunungkulan ng kanyang pangkatin sa poder. Pumalpak ang maniobrang ito matapos mabunyag ang paggamit ngmga alipures niya ng pondo ng bayan para sa pakanang People's Initiative at ang mga panloloko at pananakot ng kanyang mga alipures para pumirma ang mga tao. Bumara sa Senado ang pagsisikap na ipasa ang batas para sa pagtatatag ng *constituent assembly* bago bumwelo ang eleksyong 2025.




**Inutil at pahirap sa bayan**

Sa kabilang banda, walang anumang hakbang si Marcos para bigyan-alwan ang busabos na kalagayan ng mamamayang Pilipino. Wala siyang ginawang pagtugon sa mga panawagan ng mga manggagawa at kawani para sa dagdag-sahod at sweldo.

Insulto ang ₱40/araw na dagdag-sahod na ipinag-utos na makakapitalistang *wage board* sa NCR noong nakaraang taon. Mas nakangangalit ang barya-barya na, pautay-utay pang dagdag-sahod (₱30-₱35/araw) na ibinigay labas sa NCR. Ang pinakamataas na sahod na ₱610 (NCR) ay malayo sa nakabubuhay na sahod na halos ₱1,200/araw para sa 5-kataong pamilya.

Sa dalawang taon ni Marcos, walang dagdag-sweldo ang mga kawani ng gubyerno. Hanggang nitong Hulyo, ibinitin niya ang nasabatas na mga benepisyo at insentiba ng nga manggagawang pangkalusugan na nagserbisyo noong pandemyang Covid-19.

Bunga ng kanyang mga patakarang neoliberal, lalong sumirit ang presyo ng pagkain at langis, gayundin ang singil sa kuryente at tubig. Pumalo na sa ₱56.90/kilo ang presyo ng bigas noong Hunyo, malayo sa pangako niyang ₱20/kilo noong eleksyon. Noong Pebrero, sumirit sa pinakamataas sa nakaraang 15 taon ang tantos ng *rice inflation*, na bumubuo sa bulto ng gastos sa pagkain ng pamilyang Pilipino. Palpak ang hakbang na kontrolin ang presyo noong Agosto 2023, at hindi ito napababa ng malawakang importasyon. Tuwirang pananagutan ni Marcos ang mga kapalpakang ito dahil hawak niya mismo ang Department of Agriculture hanggang Nobyembre 2023.

Nagbibingi-bingihan si Marcos sa panawagan ng mga magsasaka na palakasin ang lokal na produksyon ng palay at bilhin ng estado ang kanilang ani sa rasonableng presyo para pababain ang presyo ng bigas. Bigo rin ang tugon niya sa tagtuyot noong panahon ng El Niño na puminsala sa ₱9.5 bilyong halaga ng mga pananim. Sa halip na tulungang bumangon ang mga magsasaka, lalupa niyang pinalakas ang liberalisasyon sa importasyon at ibinaba ang taripa sa imported na pagkain, kabilang sa bigas, nang hanggang 15%. Sa taong 2024, tinatayang higit doble ang iaangkat na bigas ng bansa o hanggang 4.7 milyong metriko tonelada (MT), kumpara sa 2.6 MT noong Hunyo 2022-Hunyo 2023. Kasama dito ang bigas na iaangkat alinsunod sa 5-taong kasunduan sa Vietnam na inareglo ng kanyang pinsan at House Speaker na si Martin Romualdez.

*Sundan sa pahina 5*

# Marcos, tuta ng Kano

Sa dalawang taon ni Marcos sa poder, apat na beses siyang bumyahe tungong US para makipagpulong sa kanyang amo. Sa dalawa sa mga byaheng ito, pormal niyang pinirmahan ang mga kasunduang militar kung saan isinuko niya ang soberanya at seguridad ng Pilipinas kapalit ng suportang militar at pulitikal ng US sa kanyang paghahari. Galak na galak ang kanyang amo sa tinagurian nitong "napaka-aktibong" relasyon sa pagitan ng dalawang bansa sa nakaraang taon.

Noong Abril 2023, pinirmahan ni Marcos ang "bilateral defense guidelines" na inihanda ng US bilang bagong balangkas ng relasyong militar ng dalawang bansa. Ibinukas niya ang apat na lokasyon para pagtayuan ng US ng base militar gamit ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) at posibleng walong iba pa para sa "di upisyal" na mga lokasyon. Laman ng *bilateral guidelines* ang pagtatambak ng lumang mga gamit at sasakyang-militar ng US sa Pilipinas sa ngalan ng "modernisasyon" ng AFP, pagpapabilis sa konstruksyon ng upisyal at di upisyal na mga EDCA *site* sa ngalan ng pagkukumpuni ng mga kampo militar nito, at mas madalas at malalaking *war games* sa tabing ng pagsasanay ng mga sundalong Pilipino.

Naging bukambibig ni Marcos ngayong taon ang pagpihit ng AFP sa pagpapalakas ng kakayahan ng bansa para harapin ang mga "eksternal na banta." Sinuhayan ito ng Archipelagic Island Defense Concept ng AFP, na nakabalangkas sa estratehiyang *first-island chain* ng US para palibutan ang China.

Mula Marso 2023, sinimulan ni Marcos at ng AFP ang pagpapadala ng mga kagamitang pang-konstruksyon sa nabahurang barkong BRP Sierra Madre sa Ayungin Shoal. Taliwas ito sa higit 20-taon nang usapan sa China kung saan nangako ang Pilipinas na hindi nito kukumpunihin ang nabahurang barko at tubig at pagkain lamang ang dadalhin sa mga "supply mission" papunta roon. Imbes na muling makipagnegosasyon, sinasagasaan ni Marcos ang kaayusan para imbitahin ang galit ng China at itulak itong gumawa ng unang aksyon na magpapasiklab ng gera, alinsunod na rin sa utos ng US.

Sa byahe ni Marcos sa US noong Abril, dumalo siya sa Trilateral Summit na ipinatawag ng US at Japan para lalong galitin ang China at ibukas ang bansa sa pagbabalik ng mga tropang Japanese. Nitong taon, ibinuyangyang niya ang Pilipinas sa mga tropa ng US at mga alyado nito sa NATO sa taunang Balikatan at ibang *war games*, mga *joint patrol* at *multilateral* na paglalayag at pagpapalipad ng mga eroplanong pandigma at *drone* sa SCS. Hinayaan nito ang pagtatambak ng US ng mga *midrange missile* na inalmahan na ng China at Russia at dagdag na naglalagay sa bansa sa panganib na makaladkad sa gerang sinisindihan ng US. AB

---

*Mula sa pahina 4*

**Pakitang-taong mga programa at pambabaluktot ng kasaysayan**

Tulad sa kanyang unang taon, pawang pakitang-tao at pampapoging programa ang inatupag ni Marcos sa pangalawang taon niya sa poder.

Sa kalagitnaan ng 2023, pinirmahan niya ang New Agrarian Emancipation Act (Republic Act 11953) na nagpatawad sa mga hindi nabayarang amortisasyon ng mga magsasaka sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Pakitang-tao ang hakbang na ito dahil sa maraming kaso, wala na sa kamay ng mga magsasaka ang lupang nakuha sa ilalim ng CARP (na-aryendo o napailalim sa mga iskemang *contract-growing*).

Wala rin itong kaakibat na mga serbisyo at subsidyong pangagapay sa matataas na gastos sa produksyon. Pinadadali lamang nito ang ligal na pang-aagaw sa lupa (pagbili at paglipat ng titulo) at malawakang pagpapalit-gamit ng mga lupang pang-agrikultura tungo sa gamit-komersyal at *real estate*. Para sa mga magsasaka, walang saysay ang palabas ni Marcos na pamimigay ng Certificate of Land Ownership Award sa iba't ibang bahagi ng bansa, na ginamit lamang na okasyon bilang paunang mga raling pangkampanya ng kanyang kamag-anak at mga kaalyadong tatakbo sa eleksyong 2025.

Sa gitna ng gutom at kahirapan, inihapag niya ang $3-bilyong programang "food stamp" bilang "nangungunang programa" ng kanyang gubyerno. Wala itong pinag-iba sa mga pantapal at di epektibong programang pantawid na tinustusan ng mga utang mula sa mga imperyalistang institusyon. Kabilang dito ang ₱500-bilyong Ayuda sa Kapos ang Kita Program (AKAP) ng kanyang pinsang *house speaker* ng Kongreso, ₱29/kilong bigas sa mga tindahang Kadiwa at kung anu-ano pang paibabaw na programa. Ginagamit ang mga programang ito para mamulitika at manuhol para sa papalapit na eleksyon.

Noong Enero, gumastos si Marcos ng ₱29 milyon sa isang araw para ibwelo ang "Bagong Pilipinas," isang kampanyang ipinasunod sa islogang "Bagong Lipunan" ng diktador niyang ama. Ipinagawa pa niya ito ng himno at panumpa, na tulad ni Hitler at ng pasista niyang ama, ay ipinag-utos niyang kantahin at bigkasin sa lahat ng mga paaralan at upisina ng estado. AB

## 3 sibilyan, pinaslang ng AFP sa Bicol

SA LOOB LAMANG ng isang linggo, tatlong sibilyan ang pinaslang ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Sorsogon at Masbate sa Bicol. Dalawa sa mga biktima ay pinalalabas na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na napaslang sa mga engkwentro.

Sa Sorsogon, pinagbabaril ng mga sundalo ng 31st IB si Niño Henera habang nakaupo sa tabing-kalsada sa Barangay Trese Martires, Casiguran noong Hunyo 26 ng alas-10 ng gabi. Ayon sa mga residente, nakarinig sila ng hanggang 10 putok ng baril bago nakitang nakahandusay ang bangkay ng biktima.

Sa bayan ng Donsol, pinagbabaril at napatay ng parehong yunit militar ang 39-taong gulang na si Arnel Esperitu noong Hunyo 20, alas-4 ng madaling araw. Naglalakad lamang siya malapit sa hinihimpilan ng mga sundalo sa sentro ng Barangay Gogon nang siya'y barilin.

Para takasan ang pananagutan, kaagad na pinuntahan ng mga sundalo ang kaanak ng biktima para takutin at pagbantaan para huwag magsampa ng reklamo. Matapos nito, nagkampo ang 31st IB sa *evacuation center* ng Barangay Gogon.

Sa Masbate, pinaslang ng mga sundalo si Boyet Rodrigo sa Barangay Miabas, Palanas noong Hunyo 23. Ayon sa mga residente, ipinatawag si Rodrigo ng mga sundalong nagpanggap na mga mandirigma ng BHB sa isang abandonadong bahay at doon pinagbababaril. Nakumpirma nilang mga sundalo ng AFP ang mga ito nang pinagbantaan ang mga upisyal ng barangay na papatayin kung hindi pipirma sa kasulatang nagpapatotoong may engkwentrong naganap sa lugar.

**Pambobomba.** Muling nambomba at nag-istraping ang mga sundalo ng AFP sa mabundok na bahagi ng Barangay Cambitala, Pantabangan, Nueva Ecija noong Hulyo 4. Inilagay nito sa panganib ang dalawang sibilyan at lubhang naapektuhan ang kabuhayan ng masa sa lugar. Labis na troma at takot ang idinulot nito sa mga komunidad.

## Mga martir ng Pantabangan at Tuy, pinarangalan

KINILALA AT PINARANGALAN ng rebolusyonaryong kilusan ang mga namartir na Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa naganap na mga sagupaan sa Pantabangan, Nueva Ecija at sa Tuy, Batangas.

Nabuwal ang sampung Pulang mandirigma at kumander ng BHB-Central Luzon sa depensibong labanan sa 84th IB sa Barangay Malbang, Pantabangan noong Hunyo 26.

Kinilala ang mga namartir na sina Hilario Guiuo (Ka Berting/Tonyo), Harold Menosa (Ka Luzon), Marian Castro (Ka Lunti), Archie Arceta (Ka Soral/Teo), Asaze Galang (Ka Shyla/Cha), Pepito Bautista (Ka Dylan), Noel Bedonia (Ka Eric/Tagumpay), Noel Bedonia Jr (Ka Angel), Reynan Mendoza (Ka Mel), at Angelika Villalon (Ka Molly). Nagmula sila sa iba't ibang henerasyon at uri, sa hanay ng mga magsasaka, mala-manggagawa, tsuper, taong-simbahan, at kabataang-estudyante.

Sa Batangas, pinagpugayan ng rebolusyonaryong kilusan ang pagbubuwis ng buhay nina Gladys Cassandra Mendoza (Ka George/Gabriela Saka), Jethro Royce Magtira (Ka Alex) at Jian Markus Tayco (Ka Reb) sa labanan sa Barangay Bolbok, Tuy noong Hunyo 23.

Sa dalawang labanan, matapang na hinarap ng mga martir ang mga kaaway at buo ang paninindigang tinanganan ang armas hanggang huling hininga.

Kinundena naman ng mga grupo sa karapatang-tao ang paglapastangan ng mga sundalo sa mga bangkay ng mga mandirigma. Walang-galang na ipinakalat ng militar sa *social media* ang mga larawang nagpapakita sa mga bangkay. Kumaharap din sa panggigipit mula sa militar ang mga kaanak, kaibigan at grupo sa karapatang-tao habang inaasikaso ang pagbawi sa mga bangkay ng napaslang.

## Pandaigdigang pagkilos laban sa Operation Kagaar sa India, isinagawa

INILUNSAD NG IBA'T ibang mga orgnisasyon sa buong mundo noong Hulyo 1 ang kani-kanilang mga aktibidad at protesta bilang bahagi ng pandaigidang araw ng pagkilos laban sa Operation Kagaar sa India. Sa ilalim ng operasyong ito, na sinimulang ipatupad noong Enero, hindi bababa sa 130 sibilyan at mga rebolusyonaryo na ang pinaslang ng estado ng India.

Ang Operation Kagaar ay isang operasyong militar na bahagi ng mas masaklaw pang operasyong kontra-insurhensya na Operation SAMADHAN-Prahar sa India na sinimulan noong 2017. Lantaran nitong tinatarget ang mga Adivasi (mga katutubo) ng India na nakikibaka para sa kanilang karapatan sa lupa, kagubatan, tubig at buhay sa tabing ng paglaban sa mga Maoista.

Nagpahayag ng pakikiisa sa araw ng pagkilos ang International League of Peoples Struggles Commission 10 at International Indigenous Peoples Movement for Self Determination & Liberation. Nagkaroon din ng pagkilos ang mga grupo mula India, China, Russia, Turkey at mga bansa sa Europe. Nagpahayag rin ng pagtutol sa Operation Kagaar ang mga demokratikong organisasyon ng Pilipinas sa protesta noong Hulyo 1.

Nagdeklara naman ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas ng Buwan ng Pakikiisa (Hunyo 20-Hulyo 20) sa pakikibaka ng mamamayang Indian, laluna ng masang Adivasi laban sa Operation Kagaar.

## ₱35 lang!

**ang nakaiinsultong dagdag-sahod na iginawad ng NCR Regional Wage Board para sa 2024, na wala pang 1% sa kita ng mga kapitalista.**

Napakalayo ng dagdag na ito sa kinakailangang ₱600 dagdag para maabot ang nakabubuhay na sahod.

## 82%

ng mga Pilipino ang kumukuha ng balita *online*, kabilang sa *social media* (63%); 46% ang nakatutok sa telebisyon, at 13% sa mga dyaryo. Sa *online*, pangunahing pinagkukunan ang Facebook (61% mula 72%), Youtube (45%), Facebook Messenger (26%), at Tiktok (23%).



## 1,901 ARAW

**nakulong sa UK si Julian Assange, Australian na tagapagtatag ng Wikileaks.**

Lumaya siya noong Hunyo 24 matapos nakipag-areglo na aaming nagkasala sa isa sa 17 kasong panggigipit na isinampa ng US dahil sa pagsasapubliko ng sikretong mga dokumento ng US at paglagak nito sa wikileaks.org.

## ₱0.77/kwh

ang itataas ng singil ng **Meralco** kada buwan mula Hulyo hanggang Setyembre.

*Pinagkunan: 2024 Work Trend Index*

## 21,000 bata

sa Gaza ang di mahanap dahil sa gerang henosidyo ng Israel.

Sila ay nawawala, dinesaparesido, nakakulong, nakalibing sa gumuhong mga gusali o sa mga *mass grave*. Sa **15,694** batang dokumentadong napatay, **lampas kalahati pa lamang ang nabigyan ng pagkakakilanlan.**

*Pinagkunan: Reuters Institute Digital News Report 2024*

## Bigas 29

limitadong programa ng rehimeng Marcos para ibenta ang **pinaglumaang bigas** na nakaimbak sa mga bodega ng NFA sa pinakamahihirap na pamilya sa presyong ₱29/kilo.

Ikinumpara ito ng KMP sa sirang bigas o "bukbok rice" na ipinagpilitang ipakain ng rehimeng Duterte sa mga maralita noong 2018

## 53

**nasayang na araw ng pagtuturo** noong nakaraang pasukan. Higit kalahati nito (32 araw) ay dahil sa sobrang init at ibang kalamidad.

Resulta ito ng maling mga patakaran at kawalan ng sapat na pondo ng gubyerno sa edukasyon, ayon sa ACT.

## 112

tagapagtanggol ng karapatang-tao at manggagawang pangkaunlaran at di bababa sa 20 *non-government organization* ang sinampahan ng gawa-gawang kasong **"terrorism financing"** sa panibagong serye ng panggigipit sa mga aktibista at mga organisasyong tumutulong sa mahihirap.

# Delubyong hatid ng mga teroristang operasyon ng AFP sa Central Luzon

Malawak na pinsala sa sibilyang magsasaka, manggagawang-bukid, at maging mga bata ang iniwan ng malawak at sunud-sunod na mga teroristang operasyon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga prubinsya ng Aurora, Nueva Vizcaya, at Nueva Ecija noong Mayo at Hunyo.

Umaapaw na dahas at kawalang-pakundangan sa internasyunal na makataong batas ang ipinamalas ng mga pasistang sundalo. Mga sibilyan ang pinagbuntunan ng AFP ng kanilang galit matapos ang sagupaan sa pagitan ng 72nd Division Reconnaisance Company at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Mayo 20 at 21 sa mga liblib na bahagi ng Dipaculao sa Aurora, at Mayo 29 sa Maria Aurora, hanggang sa madugong pagpaslang sa 10 Pulang mandirigma sa Pantabangan, Nueva Ecija noong Hunyo 26. Walang patumangga ang ginawang pagpapaulan ng bala at bomba sa Alfonso Castañeda sa Nueva Vizcaya noong Hunyo 20.

Nagsimulang ipinailalim ang Aurora sa FMO noong 2021. Ayon sa mga residente, iba't ibang porma ng paglabag sa karapatang-tao ang kanilang dinanas sa nagdaang mga buwan, mula sa pekeng pagpapasuko na anila'y paraan para makakubra ang militar at mga lokal na pulitiko ng pondo, pambabastos sa kababaihan, at pagpapatupad ng mga paghihigpit sa kilos maging sa pagsasaka.

Higit na umigting ang mga paglabag na ito ilang linggo bago ang engkwentro noong Mayo 20 at nagpatuloy hanggang katapusan ng Hunyo sa ilan pang mga barangay. Nagpatupad ng mga tsekpoynt, karpyu, paghahalughog, interogasyon, at iba pang taktika ang militar. Pinakamabigat ang ginawang pagbabawal sa pagsasaka lalo ng maliliit na magsasakang walang lupa na nagkakaingin sa kabundukan ng Dipaculao at Maria Aurora.

Dahil sa operasyong miltiar, pwersahang napalikas ang umabot sa 2,500 indibidwal noong Mayo.

Anang mga residente, lumipas ang isang panahon ng taniman na wala silang natanim o nasaka. Apektado maging ang mga manggagawang-bukid na naghahakot ng niyog at gulay dahil sa limitasyon sa paggalaw na ipinatupad ng AFP. Bunsod nito, nadoble pa umano ang hambalos ng El Niño sa kabuhayan nila.

**Lansakang pag-atake**

"Overkill" na maituturing hindi lamang ang pagpapapakat ng laksa-laksang sundalo sa mga bayan ng Dipaculao at Maria Aurora, kundi ang paggamit ng dalawang *attack helicopter* at iba pang sasakyang panghimpapawid.

Kalakhan ng mga bomba ay nahulog sa mga kabundukan na tila wala naman talagang pinupuntirya, kwento ng mga residente. Samantala, tumama sa mga kabahayan, palayan, at maging sa mga alagang hayop ng mga residente ang mga balang ginamit sa istraping.



Para pagtakpan ang kanilang krimen, mabilis na tinapalan ng mga sundalo ang mga nasirang bubong bunsod ng istraping, pero walang ibinigay na anumang kumpensasyon para sa pinsalang dulot ng mga operasyon sa kanilang kabuhayan. Hinuha ng mga residente na kahit desperado ang militar na itago ang ebidensya ng kanilang terorismo, litaw pa rin ang kawalang pakialam nito sa pinsalang iniwan ng kanilang mga operasyon sa mga tanim at alagang hayop.

Takot ang ipinakalat ng mga operasyong militar, lalo na sa mga batang biktima. Ayon sa mga magulang, hindi na nakapasok sa eskwelahan ang kanilang mga anak dahil sa suspensyon ng klase dulot ng mga operasyon.

**Posibleng pakikisangkot ng tropang Kano**

Samantala, patuloy pang sinusuri ang mga ulat ng ilang saksi na sangkot ang mga tropang Amerikano sa madugong engkwentro noong Hunyo 26 na kumitil sa buhay ng 10 Pulang mandirigma sa Pantabangan, Nueva Ecija.

Sa inisyal na ulat ng mga saksi, may ilang tropang Amerikano umanong kasama ang 84th IB sa engkwentro sa Pantabangan. Hindi naklaro kung ano ang naging papel ng mga dayuhang tropa, pero posible umanong mula sa Fort Magsaysay, Nueva Ecija—na isa sa siyam na "agreed locations" na pinapagamit ng reaksyunaryong gubyerno sa US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA)—ang nasabing mga dayuhang sundalo. Aabot lang sa isa't kalahating oras na byahe ang layo ng Fort Magsaysay sa Pantabangan. AB

# Kambal na kapahamakan sa Laguna de Bay

Pinapanday ngayon ng mga komunidad sa palibot ng Laguna de Bay ang kanilang pagkakaisa para harapin ang banta ng kapahamakang ihahatid ng kambal na proyektong Laguna Lakeshore Road Network Project (LLRNP) at Laguna Lake Floating Solar Project. Nangangamba ang mga mangingisda at residente sa ibubunga nitong pagkasira sa kalikasan at kabuhayan, at pagyurak sa kanilang mga karapatan.




Ang Laguna de Bay, o Laguna Lake, ay ang pinakamalaking lawa sa Pilipinas at pangatlong pinakamalaking tubig-tabang na lawa sa Southeast Asia. Mahalaga ito para sa irigasyon, pangingisda, at suplay ng tubig sa rehiyon. Pinangangasiwaan ng Laguna Lake Development Authority (LLDA) ang "pagpapaunlad" sa lawa.

**LLRNP, tulak ng ADB**

Tulad sa ibang magagarbong proyektong imprastruktura, popondohan ang LLRNP ng pautang mula sa Asian Development Bank (ADB), bangkong itinatag ng Japan para daluyan ng sobrang kapital nito. Isa ito sa pinakamalalaking proyektong lalagakan ng “official development assistance” ng ADB sa bansa.

Maglalatag ang LLRNP ng 37.4 kilometrong *expressway* o malawak na kalsada sa *embankment* (malapit sa baybay) ng lawa. Magsisimula ang daan sa Lower Bicutan, Taguig City at magtatapos sa Calamba City, Laguna. Liban dito, itatayo rin ang 6.1 kilometrong "connecting roads" dito at 7.3 kilometrong mga "interchange road" at "slip road." Gagastos ito ng ₱174.3 bilyon.

Noong Hunyo 20, iniulat ng Department of Public Works and Highways na 97% kumpleto na ang detalyadong disensyo ng LLRNP. Nakipagpulong na rin noong Hunyo ang rehimeng Marcos sa Export-Import Bank of Korea, katuwang ng ADB, na siyang popondo sa isang bahagi ng proyekto (7.94 kilometrong daan mula Lower Bicutan hanggang Alabang).

**Laguna Lake Floating Solar Project**

Sa tabing ng paglikha ng "renewable" o malinis na enerhiya, itinutulak ngayon ang Laguna Lake Floating Solar Project. Sasaklaw sa 2,000 ektarya ng lawa ang paglalatag ng mga *solar panel* sa bahagi ng mga syudad ng Calamba, Santa Rosa at Cabuyao, at sa mga bayan ng Bay at Victoria. Tinatayang aabot sa 10,000 mangingisda at iba pang residenteng nakasalalay sa lawa ang mapagkakaitan ang maapektuhan.

Ibinigay ng LLDA ang mga kontrata sa pagtatayo ng *solar panel* sa AC Energy Corporation ng mga Ayala (800 ektarya), sosyohan ng SunAsia Energy Inc at Blueleaf Energy (1,000 ektarya), at sa kumpanyang Singaporean na Vena Energy (200 ektarya). Sa taya ng mga kumpanya, aabot sa kabuuang 2.57 *gigawatts* ng kuryente ang lilikhain ng mga ito.

Noong Hunyo, binigyan ng Department of Energy ang SunAsia ng sampung tig-25 taong kontrata para sa operasyon nito. Ayon sa kumpanya, sisimulan nito ang konstruksyon ng proyekto sa susunod na taon at bubuksan para sa komersyal na operasyon sa 2026.

Ang mga kumpanyang ito, na karaniwang kasosyo ang dayuhang mga kumpanya dahil walang kakayahan ang bansa na lumikha ng *solar panel*, ay nagbubuhos ngayon ng napakalalaking pondo para sa "renewable" na enerhiya.Tumatabo ng kita ang mga burgesyang kumprador at mga dayuhang kumpanya para sa pakitang-taong pagtataguyod ng "malinis" na enerhiya sa bansa.

**Malawakang pagkasira**


Magdudulot ng malawakang pagkasira sa Laguna de Bay ang dalawang proyekto. Sisirain at posibleng lasunin ng mga operasyong *dredging* ng LLRNP ang tubig, mga hayop at halaman sa lawa. Pinangangambahang masisira nito ang mga kritikal na *habitat* at magdudulot ng madalas na pagbaha laluna sa panahon ng malalakas na pag-ulan.

Ganito rin ang epekto ng mga *solar panel* na itatayo. Maaapektuhan nito ang kalidad ng tubig at balanse ng kalikasan ng lawa laluna at haharangan nito ang pagtama ng sinag ng araw sa katubigan.

Nariyan rin ang pangamba ng mga residente na posibleng mapalalayas hindi lamang sa baybay ng lawa, kundi pati sa mga komunidad kung saan ilalatag ang mga “access road" ng LLRNP. Haharangan naman ng mga *solar panel* ang daanan ng mga bangka at sasakupin maging ang mga daungan ng mga mangingisda.

Sa harap ng mga ito, sunud-sunod na mga aktibidad tulad ng mga porum, konsultasyon at pagtitipon ang isinagawa ng Save Laguna Lake Movement at Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya)-Bay sa nagdaang mga linggo para pigilan ang banta ng dalawang proyekto. Iginigiit nilang ihinto na ang mga proyekto. AB

# Lumalawak ang gera ng US at Israel sa Middle East




Nagbabadyang lalong lumiyab ang todo-gera sa pagitan ng Zionistang Israel at grupong Hezbollah ng Lebanon kasunod ng pinatinding pag-atake ng Israel sa timog Lebanon sa nagdaang buwan. Idineklara ni Prime Minister Benjamin Netanyahu ng Israel na naghahanda ito ng "matinding operasyon" laban sa Hezbollah. Kasunod nito, nagbanta ang ministro niya sa depensa na si Yoav Gallant na kayang-kaya nitong "ibalik sa sinaunang panahon ang Lebanon," katulad ng walang-kapantay na pagpulbos nito sa Gaza Strip.

Sinagot ito ng hepe ng Hezbollah na nagsabing handang magtanggol ang Lebanon sakaling umatake ang Zionistang estado. Ang Hezbollah ay isang armadong organisasyon ng mga Lebanese na matagal nang lumalaban sa imperyalismong US at Zionismo ng Israel. Pangunahing nakabase ito sa timog Lebanon, kung saan ito ang naghahaaring partido. Ang Lebanon ay bansang nasa hilaga ng teritoryong inaangkin ng Israel.

Tinatarget ng Israel ang Hezbollah dahil sa paglulunsad nito ng mga pag-atake sa hilagang Israel bilang bahagi ng pagtatanggol sa mga Palestino na inaatake sa Gaza Strip. Sinimulan ng Hezbollah ang kanilang pag-atake noong Oktubre 8, 2023.

Sa nagdaang buwan, pinatindi ng Israel ang pag-atake sa Hezbollah. Pinaslang nito ang dalawang upisyal militar at kumander ng grupo noong Hunyo 11 (Taleb Sami Abdullah) at Hulyo 3 (Muhammad Nimah Nasser) sa mga *airstrike* nito. Bilang ganti, nagpakawala ng ilandaang mga *rocket* ang Hezbollah laban sa militar ng Israel. Gumamit rin ang grupo ng mga sumasabog na *drone*. Nangako rin ang grupo na "patataasin nito ang tindi, lakas, dami at kalidad ng mga pag-atake."

Kalaban na ng estado ng Israel ang Lebanon mula nang kinamkam ng mga Zionista ang lupain ng mga Palestino. Nang idineklara ang pagtatayo ng estado ng Israel noong 1948, kabilang ang Lebanon sa pitong bansa sa Middle East na naglunsad ng gera laban sa Zionismo at pagsuporta dito ng US. Pinamunuan ng Hezbollah ang 18-taong armadong paglaban (1982-2000) sa pananakop ng Israel sa timog Lebanon. Muling nilusob ng Israel ang Hezbollah noong Hulyo-Agosto 2006. Magiting na nakapagtanggol ang Hezbollah sa 34-araw na gerang ito at napaatras ang Israel.

Sa harap ng banta ng pagputok ng gera, nagbabala ang kinatawan sa makataong usapin ng United Nations na ito ay posibleng maging "apocalyptic." Hahatakin umano ng pakikipaggera ng Israel sa Lebanon ang mga bansa sa Middle East.

Nagkukunwari ngayon ang imperyalistang US at mga upisyal nito, maging ang mga alyadong bansa nito sa Europe, na pahupain ang lumalawak na sigalot sa Middle East. Pero sa aktwal, walang humpay ang US at mga alyado nito sa pagsuporta at pagsuplay ng armas sa gerang pananakop at henosidyo ng Israel sa Gaza at armadong pang-aatake nito sa ibang bansa sa rehiyon.

**Para sa mga Palestino**

Malinaw na idineklara ng Hezbollah at mga lider ng grupo na ititigil lamang nila ang mga pag-atake kung magpapatupad ng tigil-putukan ang Israel sa Gaza. Ganito rin ang layunin ng grupong Houthi mula sa Yemen na naglulunsad ng pag-atake laban sa mga barkong Israeli o papuntang Israel na dumadaan sa Red Sea. Umabot na sa kabuuang 162 barko ang inatake nito mula nang gerahin ng Israel ang Gaza.

Sa harap nito, walang-tigil ang mga *airstrike*, pambobomba at pag-atake ng Israel sa buong Gaza. Hindi na nito sinasanto kahit pa ang mga idineklara nitong "ligtas na mga sona."

Noong Hulyo 1 lamang, sapilitang pinalikas ng Israel ang aabot sa 250,000 Palestino mula sa Khan Younis, sa timog ng Gaza. Noong Hulyo 3, siyam na Palestino ang napaslang sa *airstrike* ng Israel sa kabahayan malapit sa European Hospital sa lugar.

Ang mga nasa Khan Younis ay ang mga Palestino na napalayas mula sa pambobomba ng Israel sa katabing Rafah, itinakdang "ligtas na sona." Muli silang pinalilikas tungo sa mga "humanitarian zone" katulad ng al-Masawi na inatake ng Israel noon lamang Hunyo 21 kung saan 25 ang napaslang at nagtulak sa libu-libo na lumikas tungong Khan Younis.

Sa huling tala noong Hulyo 3, umabot na sa 37,953 ang pinaslang ng Israel sa Gaza habang 87,266 ang nasugatan mula Oktubre 7, 2023. Naitala naman sa West Bank ang 561 biktima ng pagpaslang at 5,300 ang nasugatan. Kasalukuyang ikinukulong ng Israel ang 9,300 Palestino kung saan 3,450 ay walang mga kaso. AB